

Limitasyon sa Linggo ng Trabaho (Work Week Limit o WWL) at Paano Humiling ng Pansamantalang Pagtaas

MGA LIMITASYON SA LINGGO NG TRABAHO (WORK WEEK LIMITS O WWL)

- Ang WWL ay ang kabuuang bilang ng mga oras ng serbisyo na maibibigay ng Indibidwal na Provider (Individual Provider o IP) sa isang linggo ng trabaho (Linggo hanggang Sabado).
- Ang karaniwang WWL ay apatnapung (40) oras kada linggo.
- Kung wala kang mas mataas na permanenteng WWL, hindi ka maaaring magtrabaho nang mahigit apatnapung (40) oras kada linggo maliban na lang kung inaprubahan ng CDWA.

Ikaw, ang Kliyente mo, o ang Case Manager ng iyong Kliyente ay maaaring humiling ng pansamantalang pagtaas ng WWL. Susuriin ang mga kahilingan sa pansamantalang WWL batay sa bawat sitwasyon at hindi maaaring lumampas ang tagal ng mga ito sa labindalawang (12) buwan. Maaaring kabilang sa mga dahilan para sa paghiling ng pagtaas ng WWL ang:

● **Kakulangan ng availability ng provider:**

- ◆ Nagsumikap o sumang-ayong magsumikap nang may mabuting layunin ang Kliyente para tumukoy o mag-empleyo ng (mga) karagdagang IP, pero nangangailangan ang Kliyente ng dagdag pang oras o mga mapagkukunan.
- ◆ Pansamantalang hindi available ang ibang IP para sa Kliyente dahil sa mga pangangailangang medikal/pampamilya.
- ◆ Aktibong naghahanap ng ibang IP ang Kliyente, pero hindi pa tapos ang proseso.
- ◆ Handa ang Kliyente na lubusin ang lahat ng mapagkukunan pero hindi pa siya nagkakaroon ng pagkakataong maghanap ng higit pang IP (bago ang Kliyente, nagresulta ang muling pagsusuri sa mas maraming oras, umalis sa trabaho ang kasalukuyang IP, atbp.)
- ◆ Nalubos na ng Kliyente ang lahat ng mapagkukunan.

● **Kalusugan at kaligtasan ng Kliyente:**

- ◆ Kinailangang manatili ng IP nang mas matagal sa shift dahil nakaranas ng hindi pangkaraniwang emergency ang Kliyente, o biglaang naging hindi available ang ibang IP.
- ◆ Dapat abisuhan ng Kliyente o IP ang CDWA sa susunod na araw ng negosyo (o sa susunod na makatwirang araw na posible) pagkatapos ng sitwasyon..

PAANO HUMILING NG PANSAMANTALANG PAGTAAS NG WWL

Para humiling ng pansamantalang pagtaas ng WWL, tumawag sa 866.214.9899 o i-email sa InfoCDWA@ConsumerDirectCare.com ang sumusunod na impormasyon:

- Pangalan ng IP
- Kasalukuyang WWL
- Hinihiling na bilang ng mga oras kada linggo
- Pangalan ng (mga) Kliyente
- Mga awtorisadong oras ng Kliyente (hindi maaaring lumampas ang mga kahilingan sa mga awtorisadong oras ng Kliyente kada linggo)
- Dahilan para sa kahilingan
- Tagal ng kahilingan
 - ◆ Petsa ng simula (dapat sa isang araw na Linggo)
 - ◆ Petsa ng pagtatapos (dapat sa isang Sabado)
- Naghahanap ba ang Kliyente ng mga dagdag na IP?
- Anong mga aksyon ang nagawa na nang may mabuting layunin para maalis ang pangangailangan para sa overtime (magsama ng partikular na impormasyon tungkol sa mga nagawang aksyon)?
- May iba pa bang IP ang Kliyente na makakapagtrabaho ng mga karagdagang oras?
- Mayroon bang agarang pangangailangan ang kalusugan at kaligtasan ng Kliyente? O kinakailangan ba ang kahilingan sa pansamantalang WWL para tumugon sa pangangailangan sa kalusugan at kaligtasan ng Kliyente na nangyari na?
- Anumang karagdagang impormasyon para suportahan ang kahilingan

Maaaring mangailangan ang CDWA ng karagdagang impormasyon para mapagpasyahan ang kalalabasan ng iyong kahilingan sa WWL.